

TOXIC

Mykel Andrada

ETIMOLOHIYA

Sa *UP Diksiyonaryong Filipino* (2001), ang salitang “toxic” o “toksiko” ay nangangahulugang “nakalalason.” Tinatayang hinalaw ito ng mga Filipino mula sa salitang **toxico** ng mga Espanyol. Sa online na bersiyon ng diksiyonaryong *Encarta*, masisipat ang etimolohiya ng salitang toxic mula sa mga wikang Latin at Griyego. Sa Latin, matatagpuan ang salitang **toxicus** na nangangahulugang “poisoned” at **toxicum** na ang ibig sabihin ay lason. Sa wikang Griyego, matatagpuan naman ang salitang **toxikos** na ang ibig sabihin ay “of the bow.” Gagamitin ng mga Griyego ang mga katagang **toxikon pharmakon** na ang ibig sabihin ay “poison for smearing arrows.”

Tutukuyin din sa *Encarta* na ang salitang “toxic” ay maaaring maging pang-uri o pangngalan. Bilang pang-uri, nangangahulugan ang toxic ng dalawang bagay: 1.) “involving something poisonous: relating to or containing a poison or toxin” at 2.) “deadly: causing serious harm or death.” Bilang pangngalan, ito ay “poisonous substance: a poison or toxin.”

Samakatuwid, makikita na sa mga naturang wika, ang salitang toxic ay mayroong reperensiya, kundi man direktang nangangahulugang lason o nakalalason. Ngunit tulad ng iba pang salita na direktang naaapektuhan ng iba’t ibang kaganapang pangkultura at panlipunan, ang interpelasyon ng mga Filipino sa salitang toxic ay magbabago sa pag-usad ng kasaysayan ng bansa: mula sa mga nakalalasang kemikal at basura na iniwan ng mga puwersang militar ng Estados Unidos sa mga base militar nito sa Filipinas hanggang sa pakahulugan ngayon sa salitang toxic ng maraming mamamayan na nasa serbisyong sektor. Ang aktibong pagpapakahulugan sa naturang salita ay kapwa instinktibo at interaktibo – isang depinitibong pag-usad sa isang *continuum* ng paninimbulong politikal at kultural.

KASAYSAYAN AT TOXIC LEGACY

Ang isa sa mga pagbabagong pangkasaysayan sa Filipinas na dumukal nang malaki sa relasyong pangkapangyarihan sa pagitan ng Estados Unidos at Filipinas ay ang pagpapatalisk sa mga puwersang Amerikano mula sa kanilang mga base militar sa bansa. Noong 1991, hindi inaprubahan ng Senado ang isang kasunduang naglalayong pahabain pa ang pananatili ng mga militar ng Estados Unidos sa Filipinas.

Sa loob ng ilang dekada, ang mga base militar ng Amerika sa Filipinas ay nagsilbi para sa interbensiyunistang gera ng una sa Asya-Pasipiko. Naging epektibong lunsaran ng Amerika ang Filipinas ng mga atakeng pang-ere at pandagat sa Korea at Indochina. Gayundin, sa Gulf War noong 1991, naging mabilis ang pagdeploy ng Amerika ng mga tropang militar nito sa upang manghimasok at makinabang sa gera sa Middle East.

Sa pagpapalayas sa mga tropang Amerikano, inakala ng ilang sektor na tuluyan nang nakalaya ang bansa mula sa Estados Unidos. Ngunit ayon nga kay Zelda Soriano, ang pisikal na presensiya lamang ang nawala ngunit hindi naman ang pampulitika, pang-ekonomiya at pangkulturang relasyon ng Filipinas sa Estados Unidos. Sa katunayan, bukod dito’y may

dalawang bagay pang ipinamana ang Estados Unidos sa Filipinas: ang mga base militar nito at ang tinatawag ni Soriano na “toxic legacy.” Ani Soriano:

“Thousands of families at the Americans’ former Clark Airbase in Angeles City and Mabalacat, Pampanga which is about 100 km north of Manila, particularly believe that the Americans have not actually left and are wreaking havoc on their communities albeit in a new form: toxic contamination.”

Sa UP Pampanga, halimbawa, nadiskubre ng mga estudyante na kontaminado ang tubig na dumadaloy sa mga tubo at lumalabas sa gripo. Ang kontaminadong tubig ang isa sa nakikitang dahilan ng mga estudyante sa panapanahong paglitaw ng mga sugat, mga problema sa balat, at iba pang problemang pangkalusugan.

Ayon kay Dr. Jorge Emmanuel ng Alliance for Philippine Concerns na nakabase sa Berkley, California, inawtorisa ni dating US president Ronald Reagan ang base militar ng America sa Subic at Clark noong 1985 upang mag-imbak ng 227 nuclear bombs. Ang pahintulot ni Reagan ay matatagpuan sa dokumentong “Nuclear Weapons Deployment Authorization” na nagpapahintulot sa US military bases sa ibang bansa na magkarga’t mag-imbak ng armas nukleyar.

Hindi na bago ang ganitong kuwento. Sa katunayan, ang toxic legacy ng Estados Unidos ay makikita sa iba’t ibang yugto ng kasaysayan at sa iba’t ibang maliliit na bansa. Dagdag pa ni Dr. Emmanuel, ang mga pasilidad pangmilitar ng Estados Unidos sa buong mundo ay nagluluwal ng humigit-kumulang 400,000 tonelada ng pollutants. Kung malala na ang pigurang ito, mas malala ang kawalan ng pangkaligirang responsibilidad ng Estados Unidos. Noong 1993, naglabas ng palisiya ang Pentagon hinggil sa toxic contamination sa mga base militar nito sa ibang bansa. Ayon sa palisiya, “the U.S. government imposes on host nations the costs and risks of cleaning up toxic sites discovered after bases have been turned over to host countries.”

Samakatuwid, naging laganap ang salitang toxic noong 1990s upang magpahiwatig ng mga nakalalasang kemikal at basura ng base militar ng Amerikano sa bansa. Naisinulid sa pamamagitan ng katagang “toxic legacy” ang malaon nang nagaganap na panlalason sa bansa – at iba pang maliliit na bansa sa buong mundo – dahil sa iresponsableng pagtatapon at walang-wawang pananakop ng malalaking bansang dayuhan. Idagdag pa rito ang walang-puknat na pagpasok ng mga dayuhang korporasyon sa bansa na sumasaid sa minahan at kalikasan ng bansa.

TOXIC USED: HALAGA NG TOXIC

Mula sa terminong “toxic legacy,” mahihinuha natin na ginagawang pang-usig ng mga Filipino ang salitang toxic para sa sinumang tao o sa anumang bansa at organisasyon na hindi patas at hindi responsable. Sa mas malalim na pagsusuri, kinakasangkapan ang salitang toxic upang magpakahulugan ng isang tao o bansa na nagmamalabis ng kapangyarihan – at

nagbubunsod ng panlalason – sa isip, sa salita at sa gawa. Samakatuwid, magkatambal ang paglalarawan at pang-uusig bilang isang napaunlad na gamit ng salitang toxic.

Mula sa literal na kahulugan ng salitang toxic – lason o nakalalason – magbabago ang pagkasangkapan sa nasabing salita. Halimbawa, para sa mga estudyante ng medisina ng UP, ang toxic ay “any lesson, lecture, case, procedure, patient, professor, classmate, report etc. that are unfathomable and uninteresting and can eventually poison your system and/or kill a great number of your neurons.” Ayon ito sa isang estudyante ng medisina sa kaniyang blog na <http://ivanmd.blogspot.com>.

Ngunit hindil lamang ang estado ng pagiging “toxic” o “maraming trabaho” o “maraming aaralin” ang kahulugan ng naturang salita. Kung paglilimiang mabuti, mababasa ito bilang pag-unlad o pagbabago ng kahulugan ng isang salita bunga ng pagbabago ng moda ng produksyon ng isang ekonomiya. O sa mas tiyak na pagsusuri, nagiging representasyon ang salitang toxic ng tumitinding krisis pang-ekonomiya at pampulitika. Bakit?

Sa kasalukuyan, batid ng mga Filipino na ang programang pampulitika at pang-ekonomiya ng gobyerno ay nakatali sa globalisasyon, sa pagbabago ng konstitusyon upang magkaroon ng 100% foreign ownership ng mga lupa, negosyo at batayang serbisyo, sa paglikha ng mga mamamayan na “globally competitive” ngunit nangangahulugan lamang na magiging alila sa ibang bansa, sex worker, nars at doktor na caregiver, call center agent at medical transcriptionist. Mula dito mahihibo na nagiging representasyon ng krisis sa bansa ang salitang toxic.

Una, sa larang ng serbisyong medikal sa bansa, ang isang kapansin-pansin ay ang pagkaubos ng mga nars at doktor na gradweyt ng mga kolehiyo ng Filipinas. Sa Philippine General Hospital, halimbawa, lumalabas na bukod sa kulang sa pasilidad, kulang din sa mga pampublikong doktor at nars. Nagdedesisyon ang maraming nars at doktor na pumunta sa mayayamang bansa upang doon makaahon mula sa hirap ng buhay. Sa ospital, kapag sinabi ng doktor na “toxic ako ngayon,” nangangahulugan ito ng “maraming pasyente.” Maaari rin itong mangahulugan na “toxic sa ospital” sapagkat magkakahalo ang amoy ng pawis ng pasyente at kung ano-anong gamot at kemikal.

Ikalawa, sa larang ng outsourced information and communication service – ang call center – kapag sinabi ng isang agent na “toxic” ay nangangahulugan itong “maraming tawag.” Magsasanga pa ito sa mga pakahulugan na “walang tulog,” “nangangalumata,” “humpak ang mukha” at “walang lakas dahil sa sobrang pagod at paulit-ulit na routine.” Dito at sa larang na medikal, nangangahulugan ang toxic ng “pisikal, mental at emosyunal na pagod bunga ng labis na trabaho.”

Ikatlo, ang pagpasok ng kantang “Toxic” ni Britney Spears ay pahiwatig ng multinasyunal na konseptwalisasyon ng musika – na nakapakete bilang sekswal-liberal na erudisyon ng kabataan. Masdan ang nilalaman ng awitin:

“Baby, can't you see, I'm calling
A guy like you should wear a warning

It's dangerous, I'm falling

There's no escape, I can't wait
I need a hit, baby give me it
You're dangerous, I'm lovin' it

Too high, can't come down
Losing my head
spinning round and round
do you feel me now?

With a taste of your lips, I'm on a ride
You're toxic, I'm slippin' under
With a taste of poison paradise
I'm addicted to you
Don't you know that you're toxic?
And I love what you do
Don't you know that you're toxic?"

Masisilo sa kanta na ang toxic ay nangangahulugang “adiksiyon” sa dalawang bagay: seks at droga, laluna’t depinitibo ang mga katagang “poison paradise” sa nasabing kanta. Pahiwatig din ito ng pagkalunod ng bansa sa kulturang popular na siyang pangunahing daluyan ng neoliberal na kultura ng Estados Unidos. Sa gayong punto rin, mababasa sa naturang kanta ang pagsasanib ng droga at sex na siyang pangunahing manipestasyon at katangian ng subkultura ng kabataan – ang subkultura ng droga na madidiskurso sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng narkopolitics o ang pulitika ng droga. Maganda rin ang paglalaro sa salitang toxic at pakahulugang toxic sapagkat ang ilegal na droga ay kemikal – at sinasabing “nakalalason” hindi lamang ng katawan kundi ng mismong utak. Hahantong pa ito sa pagtaguri sa droga bilang toxic sa moralidad ng mamamayan at bansa, ang lason sa diwa ng bayan, gayong dapat masilo na ang buong konsepto ng narkopolitics ay negosyo at operasyong pang-ekonomiya ng pinakamalalaking sindikato na kung tawagin ay estado o gobyerno – na nagsisilbi ring middleman ng mga dambuhalang dayuhang korporasyon at malalaking dayuhang bansa.

BAGONG TOXIC LEGACY

Kung orihinal na kahulugan ang titingnan, ginagamit ang toxic upang magpatungkol sa anumang bagay na lason o nakalalason. Kung gayon, lampas sa literal na lebel, maaaring piguratibo o simbolikal at politikal ang pagkasangkapan sa salitang toxic.

Tulad halimbawa ng pagturing ng maraming mamamayan ng Amerika at ng mundo kay George W. Bush bilang “toxic president.” Sa Pilipinas, ang ganitong apropiasyon sa salitang toxic ay ginagamit na rin upang patungkulan ang pangulo ng bansa, ang “toxic president” na “small and very terrible” na si Gloria Macapagal-Arroyo.

Lalo pang tumindi ang pagkastigo sa administrasyon ni Arroyo dahil sa pahayag noong Hulyo 31, 2006 ng bagong-hirang na kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd).

Ani Tarlac Representative Jesli A. Lapus, nararapat na ibalik ang Ingles sa “frontline” ng pagtuturo. Toxic na itong pakinggan, laluna’t paulit-ulit at nakapapagod. Lason din itong pilit ipinalululon sa mamamayan. Daragdagan pa ito ni Lapus sa pamamagitan ng paghahayag na sa pamamagitan lamang ng Ingles magkakaroon ng dekalidad na edukasyon at na Ingles ang magseseguro na magiging “market-driven” ang edukasyon. Wala itong ipinagkaiba sa nosyon ni Arroyo ng wikang panturo at pagkatuto sa Executive Order 210. Mukhang walang ibang ibinibigay na opsyon o trabaho ang pamahalaan kundi ang bumagsak ang mamamayan sa mga call center. Tiyak na namang darami ang magiging “toxic” sa call center.

Kung kaya mula sa mga pagpapakahulugang ito, ang salitang toxic ay kapwa nagiging sintomas at temporal na solusyon ng isang naghihingalong bansa. Mahalaga ang salitang toxic sapagkat naipakikita nito ang kasaysayan ng paniniil at pagbalikwas, ang pag-unawa sa lipunan tulad ng pag-unawa sa diwa, at ang ubod at buod ng isang lipunang lagi’t laging nilalason ngunit patuloy na naghahanap at naghaharap ng solusyon.

Sanggunian:

Almario, Virgilio S., punong patnugot. 2001. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino at Anvil Publishing.

Soriano, Zelda. “America’s Toxic Waste Legacy in the Philippines.” Nasa http://www.bulatlat.com/archive/008toxic_legacy.htm

http://encarta.msn.com/dictionary_/toxic.html

<http://ivanmd.blogspot.com>

“US bases generate thousands of tons of wastes worldwide” nasa

<http://www10.antenna.nl/wise/index.html?http://www10.antenna.nl/wise/336/3355.html>

UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. “Ang Pagpapatibay ng Wikang Filipino ay Pagpapatibay ng Pagkakakilanlan at Demokrasya.” Posisyong papel sa pahayag ng DepEd na muling ibalik ang Ingles bilang wikang panturo. Agosto 2006.